Australian Government

Papel-kaalaman

# Paano ka naaapektuhan ng balangkas ng mga kapangyarihan at imunidad



Lahat ng Australyano ay dapat maka-access ng moderno at maaasahang mga serbisyong pangtelekomunikasyon, saan man sila nakatira o nagnenegosyo.

Upang maipagkaloob ang mahahalagang serbisyong ito, binigyan ng Pamahalaang Australya ng kapangyarihan ang mga kumpanya ng telekomunikasyon na magsagawa ng ilang aktibidad na may kaugnayan sa pagpapalawak ng imprastrakturang pangtelekomunikasyon at binigyan ng imunidad sa ilang mga batas ng estado at teritoryo habang ginagawa ito. Ito ay kilala bilang balangkas ng kapangyarihan at imunidad ng mga carrier.

Ito ay isang paraan upang mabalanse ang pangangailangan ng komunidad na maka-access ng maaasahan at abot-kayang mga serbisyo ng telekomunikasyon, habang tinitiyak na ang lokal na pamahalaan at mga may-ari ng propyedad ay mayroong pagkakataon na magpahayag ng kanilang palagay sa pagpapalawak ng mga serbisyong ito.

THE SCIENCE OF SAFE CONNECTION



## Ano ang magagawa ng mga provider ng telekomunikasyon sa ilalim ng balangkas na ito?

Ang Telecommunications Act 1997 ay nagbibigay sa mga kumpanya ng telekomunikasyon ng kapangyarihan na mag-inspeksyon ng lupa, mag-install ng mga 'low-impact' na pasilidad, at i-mentena ang mga pasilidad ng telekomunikasyon. Ang mga low-impact na pasilidad ay mga pasilidad na:

- mahalaga para sa mahusay na pagpapatakbo ng network
- may hindi kapansin-pansin (low visual) na epekto, at
- malamang na hindi magdulot ng pagkagambala sa komunidad sa panahon ng pag-install o pagpapatakbo.

Ginagamit ng mga kumpanya ng telekomunikasyon ang mga kapangyarihang ito upang mag-install ng imprastrakturang sumusuporta sa mga serbisyong pangkomunikasyon na landline at mobile sa komunidad gamit ang mga kagamitan na naaayon sa mga paghihigpit sa uri, sukat, kulay at lokasyon.

Kapag naglulunsad ng mga pasilidad na low-impact, ang mga kumpanya ng telekomunikasyon ay kailangang magpakita ng mahusay na mga kagawiang pang-inhinyero at hangga't maaari ay hindi mapanghimasok sa paggamit ng may-ari sa lupa.

Ang Koda ng Industriya (Industry Code) para sa Mobile Phone Base Station Deployment ay nagtatakda ng mga karagdagang proseso na dapat sundin ng mga kumpanya ng telekomunikasyon kapag nag-i-install sila ng mga low-impact na pasilidad. Ang mga prosesong ito sa pangkalahatan ay hindi nalalapat sa malalaking pasilidad tulad ng mga bagong monopole o tore na napapailalim sa mga batas sa pagpaplano ng estado at teritoryo.

## Dinisenyo upang panatilihing may kaalaman ang mga may-ari ng lupa

Kadalasan, at lubos na kauna-unawa, ang mga taong higit na nag-aalala tungkol sa mga iminungkahing deployment ay ang mga taong nagmamay-ari ng lupa kung saan may ginagawang mga pag-install at aktibidad na ganito.

Kinakailangang ipaalam ng mga kumpanya ng telekomunikasyon sa mga may-ari ng lupa at mga naninirahan kung sila ay nagpaplanong magsagawa ng mga gawain sa hinaharap, kabilang ang anumang mga plano sa pag-install ng imprastrakturang pangtelekomunikasyon. Ang abiso ay dapat ipadala nang hindi bababa sa 10 araw bago simulan ang anumang gawain sa lupa.

Ang abisong ito ay dapat magpayo sa mga may-ari ng lupa ng:

- kanilang karapatang tumutol
- mga umiiral na dahilan para tumutol
- karapatang iparepaso ang desisyon sa ombudsman ng industriya ng telekomunikasyon (TIO - telecommunications industry ombudsman), at
- mga takdang panahon sa paghahain ng mga pagtutol.

Inaasahan din na makikipag-ugnayan ang mga kumpanya ng telekomunikasyon sa mga komunidad sa paraang makabuluhan at nagsasaalang-alang sa kanilang damdamin ukol sa mga iminungkahing pag-deploy ng telekomunikasyon.

Itinatakda ng Koda ng Industriya (Industry Code) ang mga proseso ng pag-abiso na dapat sundin ng mga kumpanya ng telekomunikasyon upang matiyak na ang mga may-ari ng lupa, konseho at komunidad ay napayuhan bago magtayo ng base station ng mobile phone, at ang mga pananaw ng konseho at komunidad ay naisaalang-alang.





## Nag-aalala ka ba tungkol sa bagong imprastraktura ng telekomunikasyon o sa partikular na pag-install?

Ang impormasyon tungkol sa iminungkahi at kasalukuyang mga base station ng mobile phone ay makukuha sa website ng Radio Frequency National Site Archive sa **www.rfnsa.com.au**.

Kung nag-aalala ka na hindi nakasunod ang isang kumpanya ng telekomunikasyon sa mga obligasyon nito sa ilalim ng Industry Code, maaari kang maghain ng reklamo sa Australian Communications and Media Authority (ACMA). Maaari kang makipag-ugnay sa kanila sa **1300 850 115** o sa pamamagitan ng pag-email sa **info@acma.gov.au**.

THE SCIENCE OF SAFE CONNECTION